

PANALANGING BAYAN

I. PARA SA MGA MAGSASAKA

Inaalala naming ang mga magsasaka at mangingisda sa aming bayan
Sila ay nagsisilbing tagubilin nang minsang may batang naghandog ng tinapay at isda
Hindi ba silang mga magsasaka ang nagtatanim, nagpapagal, nag-aani upang
mapakain ang madla?
Hindi ba silang mangingisda ang nakababatid na sa kalaliman ng karagatan ay may
masaganang yamang dagat ?

Sa bawat hapagan na may kanin , gulay at halamang dulot ng lupa
Pati na ng biyayang dagat na handog ng mangingisda
Ay kaganapan ng paglilingkod at paghahandog upang mabuhay ang tao
Ngunit di maitatangi na sa kahirapan at kasalatan nabubuhay ang kalakhan ng
ating magsasaka at mangingisda

Aming Dios, buhayin mo sa aming puso ang wagas na pagkalinga sa kanila
At ang pangako ng buhay na masagana para sa lahat ay matupad na
Tulongan kami na sa pag-ibig at sa hustiysa kami ay kumampi
At nang makamit ang pangako ng kasaganahan ng buhay para sa lahat.

II. PARA SA MGA KATUTUBONG MAMAYAN

O Dakilang Maylikha, silang mga nagpapahalaga, nagdependa sa lupang ninuno at ng
kalikasan ay patuloy na dumaranas ng lupit at dahas mula sa mga paramilitary
groups at mga ahente ng estado. Araw-araw nila naranasan ang takot at banta ng
kamatayan at sapilitang pagpapalayas sa kanila sa lupang kanilang kinagisnan.

Dalangin namin na nawa sila ay bigyan ng pagkalinga sa kasalukuyang namumuno ng
aming bansa. Igawad nawa sa kanila ang matagal na nilang hinahangad na sariling
pagpapasya sa kanilang tutungihin bilang mga komunidad at karapatan sa kanilang
lupang ninuno. Makamit nawa nila ang hustiysa sa napakarami na sa kanila ang
pinatay at ibat-ibang porma ng paglabag sa karapatang pantao.

Patuloy mo kaming himukin na maging katuwang nila sa pagsulong ng kanilang mga
karapatan dahil kami ay naniniwala na tulad ng ninanais Mo, walang tunay na
kaunlaran at kapayapaan na nagtataboy sa mga tulad nila. Patnubayan mo kami sa
aming sama-samang pagkilos sa pagtatayo ng isang lipunang mapagkalinga at
mapagpalaya.

PARA SA MGA MIGRANTE

Dakilang Maylikha, ang pinagmulan ng lahat at karapatdapat ng aming paglilingkod at pagpupuri, walang sino man ang hindi saklaw sa iyong mapagkalingang pagmamahal. Nilikha mo kami sa iyong wangis. Sa iyong habag Panginoong Diyos, ipagtanggol mo silang dahil sa kahirapan at hindi pantay na pag-unlad ay sapilitang nangingibang bansa. Pagbuklurin at pagtibayin mo ang mga pamilyang nagkakahiwalay. Igawad mo ang katarungan at dignidad ng buhay sa lahat na naging biktima ng mapagsamantala at hindi makataong pagtrato sa kanilang mga pinagtatrabahuan. Nawa'y ang iyong banal na imahe ay maihayag sa bawat tao. Sa iyong kapangyarihan, tulungan mo kaming wakasan ang pagsasamantala at pagkitil sa karapatan ng mga migranteng manggagawa. Tulungan mo kaming maging mapangahas na handang hahamon sa kasalukuyang sistemang pang-ekonomiya na patuloy na kumikilala sa tao bilang kagamitan o kalakal na siyang nagpapatindi sa pandaigdigang pagsasamantala sa pagitan ng mga mahihirap at mayayamang bansa.

PARA SA MGA MANGGAGAWA

Diyos ng katarungan, araw-araw na pinapasan ng mga kapatid naming mga manggagawa ang hirap ng buhay sa baba ng sahod, walang siguridad sa trabaho dahil sa kontraktwalisasyon at hindi makataong kalagayan sa mga pagawaan. Sila ang mga nagpapagal at nag-alay ng pawis at dugo upang magbigay buhay sa iba ang dumaranas ng hirap at pagkikitil ng kanilang mga karapatan.

Ang patuloy na pagpapatupad sa mga neo-liberal na mga polisiya tulad ng kontraktwalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ang syang sumasakal sa mga manggagawa. Naway mabigyan sila ng pagpapahalaga ng aming pamahalaan at maging aktibong kabahagi nawa kami sa pagsusulong ng kanilang mga ipinaglaban para sa nakakabuhay na sahod, trabaho at karapatan. Siya nawa.

PARA SA MGA KABABAIHAN AT BATA

Dios na Mapagkalinga, aming inilalapit sa Iyo ang mga anak mong pinakabulnerable sa lipunan-ang mga bata at kababaihan, lalo na silang nasa pinakaabang kalagayan. Dalangin namin na matamasa nila ang kanilang mga karapatan at makapamuhay sila sa isang ligtas at payapang lipunan. Hinihining namin na sila ay mabigyan ng mga oportunidad para linangin ang kanilang mga sarili at maging kabahagi sila sa paghubog ng isang lipunang kaaya-aya para sa lahat. Inilalapit namin ang mga bata at kababaihang biktima ng karahasan. Nawa'y pagkalooban mo sila at ang kanilang mga mahal sa buhay, ng lakas para sa kanilang pakikibaka para sa katarungan. Aming winawaksi ang kultura ng impunidad sa aming lipunan. Dalangin naming mapanagot ang lahat ng nagdudulot ng iba't ibang porma ng karahasan sa mga bata't kababaihan, at sa iba pang sektor ng lipunan. Nawa'y patuloy pang lumakas ang kilusang kababaihan at ng mga bata para sa patuloy na pakikibaka at pagkilos para igiit ang kanilang mga karapatan, at upang abutin pa ang

mas malawak ng saklaw para mapalaya sila mula sa mapang-aping sistema ng lipunan. Samahan nawa namin sila sa kanilang patuloy na paghahanap ng kapayapaan at katarungan.